



VISITOR CARE

Manaaki manuhiri

HUMANITARIAN SUPPORT FOR FOREIGN NATIONALS

Mga madalas itanong ng aplikante:

Ako ay may hawak na temporary visa (pansamantalang visa) at kailangan ko ng tulong. Ano ang dapat kong gawin?

Pumunta sa www.foreignnationals.services.govt.nz upang makita ang impormasyon tungkol sa mga suportang maaaring makuha at upang simulan ang proseso ng aplikasyon.

Hindi ako nakapagsasalita ng Ingles kaya hindi ko masundan ang proseso sa online. Paano ako makakakuha ng suportang ito?

Tawagan ang 0800 RED CROSS o mag-email sa visitorcare@redcross.org.nz. Ang New Zealand Red Cross ay may mga serbisyo sa wika na makakatulong sa iyo.

Anong uri ng mga suporta ang kabilang dito?

Sa ilalim ng programang ito, maaaring makapagbigay ng tulong para sa:

- pagkain at mga bagay para sa bahay na kailangan upang matugunan ang kagyat at madaliang mga pangangailangan
- mga kumot, hot water bottle, at mahalagang pananamit upang matugunan ang kagyat at madaliang mga pangangailangan
- mga gamot na hindi kailangan ng reseta upang matugunan ang kagyat at madaliang mga pangangailangan
- akomodasyon (kabilang ang upa, mga gastos sa pangangasera)
- mga utility (kuryente, gas, hindi kabilang ang pagkonekta at mga plano para sa internet at broadband)

Walang kabayaranang cash na iaalok. Sa pag-apruba ng aplikasyon, ang mga tao ay makakakuha ng mga voucher mula sa New Zealand Red Cross o sa isang kapartner na ahensya.

Mayroon bang limit sa dami ng suportang maaari kong matanggap?

Ang ibibigay na tulong ay pinagpapasyahan ayon sa indibidwal na kaso, kaya ang makukuha mo ay aalamin sa pamamagitan ng iyong aplikasyon.

Gaano kabilis ko matatanggap ang suportang pinansyal?

Ang anumang tulong na marapat mong matanggap ay idadaan sa proseso at, sa kaso ng tulong na iba pa sa salapi (in-kind), ay matatanggap mo nang mabilis at mahusay hangga't maaari.



Working with the
New Zealand Government

Gaano tatagal ang suporta?

Ang mga taong nangangailangan ay maaaring mag-aplay nang minsan tuwing apat na linggo. Ang iyong pagiging marapat at ang tulong na makukuha mo ay aalamin sa pamamagitan ng bawat indibidwal na aplikasyon na gagawin mo, at dahil dito, ay maaaring magkaiba-iba.

Tutulungan din ba ninyo ako na makauwi?

Hindi, hindi kasama sa tulong na ito ang pagpopondo para sa mga biyahe sa eroplano. Ang programa ay isang pansamantala at transisyonal na paraan, na sa katapusan ay inaasahang ikaw ay makakauwi sa iyong bansa, o makakakuha ng alternatibong paraan ng pagsuporta.

Ang New Zealand at ang ilan pang mga bansa ay may umiiral na mga transit arrangement (kasunduan sa pagdaraan) upang tulungan ang mga mamamayan ng bawat bansa na makauwi. Para sa buong mga detalye, pumunta sa www.immigration.govt.nz/about-us/covid-19/coronavirus-update-inz-response.

Kung ikaw ay taga-ibang bansa, inirerekomenda na makipag-ugnay ka sa inyong embahada upang alamin ang suporta na iyong makukuha. Maaari ka ring magrehistro ng iyong interes na tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga biyahe sa eroplano na patungo sa iyong bansa, sakaling magkaroon na ng mga ito.

Kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-ugnay sa inyong embahada, may listahan ng mga ito na makukuha sa website ng Ministry for Foreign Affairs and Trade: www.mfat.govt.nz/en/embassies.

Nais kong magreklamo tungkol sa serbisyo ng New Zealand Red Cross/aking aplikasyon. Paano ko magagawa ito?

Kung hindi ka nasisiyahan sa aming serbisyo, mangyaring ipaalam ito sa amin. Nais naming marinig ang iyong feedback (komento) at maayos ang problema kung kaya namin. Maaari kang tumawag sa 0800 RED CROSS o mag-email sa visitorcare@redcross.org.nz upang talakayin ang iyong sitwasyon at alamin ang pinakamabuting proseso para sa iyo.

Anong mga dokumento o patunay ang kailangan ko upang makapag-aplay?

Ang pinakamabuting gawin ay pumunta sa www.foreignnationals.services.govt.nz upang simulan ang proseso ng pag-aplay at alamin kung ano ang kakailanganin mo upang makumpleto ang iyong aplikasyon.

Ang ilang pangunahing mga dokumento na maaaring hilingin sa iyo (maaaring may mga karagdagan pang kakailanganin batay sa iyong sitwasyon) ay kabibilangan ng:

- Ebidensya ng akomodasyon at kaugnay na mga gastusin (liham mula sa pangunahing nangungupahan, landlord o host; pagturing ng halaga (quote) mula sa hostel, otel o motel) at ang mga detalye ng account sa bangko ng provider (tagapagbigay) ng akomodasyon
- Ebidensya ng mga gastusin para sa mga utility i.e. koryente (kuwenta mula sa provider ng mga utility) at ang mga detalye ng kanilang account sa bangko



Working with the
New Zealand Government

- Ebidensya ng sitwasyong pampinansiya (kuwenta ng bangko o impormasyon tungkol sa account)
- Ebidensya ng katayuan ng visa

Nag-aplay ako ngunit hindi ako naging marapat para sa tulong na ito. May makukuha pa ba akong anumang iba pang suporta?

Kung ikaw ay mamamayan o residente ng New Zealand, maaari kang makakuha ng suporta mula sa Ministry of Social Development (Ministri ng Panlipunang Pag-unlad). Maaari mong alamin kung anong suporta ang maaari mong makuha sa www.msd.govt.nz/what-we-can-do/individuals/index.html.

Kung kailangan mo ng suporta ngunit hindi napagpasyahan na marapat ka para sa suportang ito, mangyaring tawagan ang 0800 RED CROSS. Ang aming pangkat ng Visitor Care Manaaki Manuhiri (Pangangalaga sa Panauhin) ay maaaring makatulong sa iyo nang higit pa.

Maging anuman ang iyong nasyonalidad, may makukuha kang karagdagang suporta:

- **Mga alalahaning pangkalusugan**

Kung hindi mo makausap ang sarili mong doktor, tumawag sa Healthline para sa libreng payo at impormasyon. Maaasikaso nila na maka-usap ka sa sarili mong wika. Kapag sinagot nila ang iyong tawag, sabihin mong gusto mo ng isang interpreter at ang wika na nais mong gamitin. Tumawag sa 0800 611 116.

- **Kalusugang Pangkaisipan**

Para sa kalusugang pangkaisipan, tumawag o mag-text sa 1737 sa anumang oras. Lahat ng mga serbisyo ay bukas 24/7, na may mga serbisyo ng interpreter na makukuha sa mahigit 40 wika. Tumawag o mag-text sa: 1737 o bumisita sa 1737.org.nz.

- **Suporta sa visa**

Kung ikaw ay taga-ibang bansa at kailangan ng payo tungkol sa katayuan ng iyong visa, makipag-ugnay sa Immigration New Zealand sa www.immigration.govt.nz o sa pamamagitan ng pagtawag sa 0508 558 855.

- **Payo sa Pangungupahan**

Kung kailangan mo ng payo tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang nangungupahan, makipag-ugnay sa Tenancy Services sa www.tenancy.govt.nz o sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 836 262.

- **Citizens Advice Bureau (Kawanihan ng Pagpapayo sa mga Mamamayan)**

Ang Citizens Advice Bureau ay naglalayong tumulong sa mga tao na maunawaan ang kanilang mga karapatan at mga obligasyon. Ito ay nagbibigay ng libre at independiyenteng serbisyo para sa lahat. Maaari kang makipag-ugnay sa pamamagitan ng pagbisita sa website nito na www.cab.org.nz/location/cab-queenstown.



Working with the
New Zealand Government

- **Mga naghahanap ng trabaho**

Kung naghahanap ka ng trabaho o may isang bakante na kailangang punan, makipag-ugnay sa Work and Income New Zealand www.jobs-during-covid.workandincome.govt.nz/hello o tumawag sa: 0800 779 009 (lina ng telepono para sa Naghahanap ng Trabaho)

Maaari mo ring tingnan ang website ng Work for Seasons worktheseasons.co.nz/hello para sa impormasyon tungkol sa mga pana-panahong trabaho na maaaring makuha.

Ang Go with Tourism ay tumutulong din nang 1:1 at sa pagpupuwesto ng mga manggagawa sa turismo sa mga oportunidad sa lahat ng mga sektor/rehiyon ng NZ www.gowithtourism.co.nz.

- **Mga karapatan ng empleyado**

Kung nais mo ng payo tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang empleyado, makipag-ugnay sa Employment NZ www.employment.govt.nz o tumawag sa: 0800 20 90 20.

- **Rehistro para sa wage subsidy (salaping-tulong para sa sahod) at mga reklamo**

Kung sa palagay mo ay tumatanggap ang iyong tagapag-empleyo ng wage subsidy at hindi ito ipinapasa sa mga empleyado, dapat ka munang makipag-usap sa iyong tagapag-empleyo bilang unang hakbang. Itanong mo sa iyong tagapag-empleyo kung inilista niya ang iyong pangalan sa aplikasyon, dahil maaari siyang mag-aplay para sa subsidy para sa ilan o sa lahat ng kanyang mga empleyado.

Kung hindi mo malaman mula sa iyong tagapag-empleyo kung ikaw ay kabilang sa kanyang aplikasyon, maaari mo itong tingnan sa Ministry for Social Development. msd.govt.nz/form/msd/govt/nz/form.req2?requestType=wage-subsidy-payment-employee-information-request.

Kung nakipag-usap ka na sa iyong tagapag-empleyo at:

- hindi mo nalutas ang iyong problema, o
- sa palagay mo ay kumilos nang mapanlinlang ang iyong tagapag-empleyo kaugnay sa subsidy na ito,

maaari kang magreklamo sa Employment New Zealand www.employment.govt.nz/leave-and-holidays/other-types-of-leave/coronavirus-workplace/wage-subsidy-and-leave-support-complaints.



Working with the
New Zealand Government